



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V - BICOL



Tanggapan ng Panrehiyong Direktor


Hulyo 14, 2023

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 273 s. 2023

PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KASAYSAYAN 2023

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagamasid Pansangay sa Araling Panlipunan
Pinuno ng mga Paaralan (Pampubliko at Pampribado)

1. Sa bisa ng Proklamasyon Blg. 339, serye 2012, itinatalaga ang buong buwan ng Agosto bilang Buwan ng Kasaysayan. Kaisa ang Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, hinihikayat ang mga tanggapan pangdibisyon at mga paaralan, na magsagawa ng mga gawain bilang pagunita sa mayamang kasaysayan ng Pilipinas.
2. Ang sumusunod ay ilan sa mga mungkahing gawain hanggang sa huling araw ng Agosto 2023:
 - a. pag anunsyo ng kahalagahan ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan kasabay ng seremonya ng pagtataas ng watawat sa mga tanggapan at paaralan;
 - b. pag display sa bulletin board ng mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas;
 - c. pagbabahagi ng mga naisulat na sanaysay o tula o iba pang malikhaing gawa na nagbibigay pugay sa lahat ng pambansang bayani o lokal na bayani;
 - d. pagbibigay ng Trivia sa Kasaysayan at Kultura ng Pilipinas; at
 - e. iba pang makabuluhang gawaing kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan.
3. Hinihikayat ang mga dibisyon sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Araling Panlipunan, na magbahagi ng mga larawan sa Facebook ng isinagawang pagdiriwang sa Buwan ng Kasaysayan.
4. Para sa inyong kaalaman at patnubay.


GILBERT T. SADSAD
Panrehiyong Direktor




Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG SORSOGON

Hulyo 23, 2023

Sa mga: Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid sa Edukasyon
Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan/Nanunuparang PSDS
Pinuno ng mga Paaralan (Pampubliko at Pampribado)

Para sa inyong kaalaman at patnubay.


WILLIAM B. GANDO, CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan